

# PAGKOLEKTA NG INYONG PANALO MULA SA KOMISYONER SA PAGGAWA

# Ang Tanggapan ng Komisyoner sa Paggawa,

na tinatawag ding Division of Labor Standards Enforcement (DLSE) ay isang bahagi ng California Department of Industrial Relations. Ang Opisina ng Komisyoner ng Paggawa ay ang ahensya ng Estado na siyang nagdedesisyon sa inyong kaso hinggil sa hindi pagbayad ng inyong sweldo. Ito rin ang nagpapatupad sa mga istandard sa paggawa para tiyakin na ang mga empleyado ay hindi pinapayagang magtrabaho sa mga substandard na kalagayang labag sa batas. Pinangangalagaan din ng ahensyang ito ang mga employer na sumusunod sa batas laban sa pakikipag-kumpetensya sa mga hindi sumusunod.

## **UNAWAIN** ANG INYONG PANALO

Kung ang Komisyoner sa Paggawa ay nagdesisyon ng pabor o ayun sa inyong wage claim, makakatanggap kayo ng isang Order, Decision or Award (ODA) na nagsasabi ng halaga na dapat ibalik sa inyo ng inyong employer. Makakatanggap din kayo ng isang ODA kung ang inyong employer ay hindi tumupad sa inyong napag-usapang kasunduan o settlement agreement. Ayon sa batas, kinakailangang bayaran kayo ng inyong employer o kung ayaw niya ay dapat niyang i-apela ang naging desisyon sa loob ng 10 araw. Kung ang inyong employer ay hindi nagbayad o kaya ay hindi nag-apela, ipapadala sa koreo ng Komisyoner sa Paggawa ang ODA sa lokal na Superior Court at ito ay magiging isang legal na hatol o judgment. Ang judgment na ito ay magpapahintulot sa inyo na kolektahin o singilin ang halaga ayon sa judgment mula sa inyong employer at maaari ninyong gamitin ang mga legal na pamamaraan na ipinapaliwanag dito. Mayroon kayong karapatan na makuha sa inyong employer ang anumang bayad o halagang magagastos upang makolekta o masingil ang judgment.

Maaari kayong mag-file ng mga papeles at bumisita sa mga opisina ng walang serbisyo ng translasyon o pagsasalin. Maaari kayong humiling sa isang tao na nakakabasa at nakakasulat sa Ingles na tulungan kayo sa prosesong ito.

Maaari ninyo lamang makolekta o masingil ang inyong award o napanalunan sa eksaktong indibidwal o tao o kaya sa entidad na nakapangalan sa judgment o hatol. Ang mga may-ari ng kumpanya ay madalas na nagbubuo ng isang hiwalay na legal na entidad para mabigyan ng proteksyon ang kanilang mga sarili bilang mga personal na responsable sa anumang pagkaka-utang ng kumpanya. Kung ang inyong judgment ay tumutukoy sa isang kumpanya na isa sa mga entidad na ito, mayroong nakasulat na "Inc.," "LLC," o "LLP" na makikita matapos ang pangalan ng kumpanya. Kung ang pangalan ng isang indibidwal ang nakasulat sa inyong judgment, maaari kayong maka-kolekta sa indibidwal na yaon at ang kumpanyang pinangalanan din sa judgment, kung mayroon man.

## **ANG TANGGAPAN NG KOMISYONER SA PAGGAWA ANG NAGPAPATUPAD NG MGA BATAS PAGGAWA** SA PAMAMAGITAN NG MGA SUMUSUNOD NA UNIT:

**ANG WAGE CLAIM ADJUDICATION UNIT** ang nagrerepaso at nagdedesisyon sa mga indibidwal na reklamo hinggil sa mga hindi binayarang sahod at iba pang mga paglabag sa batas paggawa.

**ANG GARMENT WAGE CLAIM ADJUDICATION UNIT** ang nagrerepaso at nagdedesisyon sa mga reklamong hinahain ng mga mananahi sa ilalim ng "Garment Workers Protection Act", ang batas na kilala rin bilang "AB 633".

**ANG BUREAU OF FIELD ENFORCEMENT (BOFE)** ang nag-iimbestiga sa mga reklamo ng hindi pagbabayad ng mga employer ng minimum na sahod, obertaym, o mga meal at rest period ng isang grupo ng mga manggagawa. Ini-imbestiga rin ng BOFE ang mga reklamo laban sa mga employer na hindi nagpapatupad ng workers compensation, child labor, recordkeeping, paglilisensya at mga batas sa rehistrasyon.

**ANG PUBLIC WORKS UNIT** ang nag-iimbestiga ng mga paglabag sa batas paggawa para sa mga proyektong konstruksyon na pampubliko. Ang "Prevailing wages" ay mas mataas kaysa sa minimum na pasahod ng Estado at siyang kailangang bayaran sa mga manggagawa sa mga proyektong konstruksiyong pampubliko.

**ANG RETALIATION COMPLAINT INVESTIGATION UNIT** ang nag-iimbestiga sa mga reklamo ng retalyasyon. Ang "Retaliation" ay nagaganap kapag ang employer ay gumagawa ng aksyon tulad ng pagtanggal sa manggagawa o pagbawas ng oras o pagbaba ng sahod dahil ang manggagawa ay gumawa ng hakbang upang ipaglaban ang kanyang mga karapatan sa paggawa.

**ANG JUDGMENT ENFORCEMENT UNIT** ay tumutulong naman sa mga manggagawa para makolekta ang sahod na dapat matanggap matapos magdesisyon ang Komisyoner sa Paggawa na ang employer ay may utang na sahod na hindi binayaran sa manggagawa.

# PAANO **MAKOKOLEKTA ANG INYONG JUDGMENT**

## **IMBESTIGAHIN** ANG MGA ARI-ARIAN NG INYONG EMPLOYER

Mangolekta ng mga impormasyon hinggil sa mga pag-aari ng inyong employer upang makatulong sa paggawa ng desisyon kung ano ang gagamitin mong collection tools. Halimbawa, kung ang employer mo ay isang kumpanya, maaari kayong maka-kolekta mula sa mga **real property (real estate)** ng kumpanya, cash register, inventory, machinery, kasangkapan at mga bank accounts. Ang kita mula sa mga kostumer ang madalas na pinakamahalagang pag-aari ng maraming mga kumpanya. Kung ang employer naman ay isang indibidwal, maaari rin kayong maka-kolekta mula sa kanyang bank accounts, mga personal na pag-aaring real estate, o mga mahahalagang gamit tulad ng mga alahas o muwebles o furniture. Suriing maige ang inyong judgment para malaman kung ang inyong employer ay nakalista bilang isang kumpanya, isang indibidwal, o pareho. Maaari lamang kayo maka-kolekta ng inyong judgment sa eksaktong naka-sulat na pangalan ng entidad sa inyong judgment. Para malaman ninyo ang lokasyon ng kanilang mga ari-arian, mag-obserba kayo at tanungin din ang alam ng inyong kapwa manggagawa. Ang paycheck na natatanggap ninyo mula sa inyong employer ay maaaring maglaman ng impormasyon sa kanilang bank account. Pumunta rin sa opisina ng County Recorder para hanapin ang pag-aaring mga lupa at ito ay libre lamang o kaya naman ay gamitin ang County Tax Assessor's website.

## **LIEN** VS. **LEVY**

Ang **lien** ay mahaharangan ang pagbenta ng mga ari-arian habang humahanap ka ng paraan para makolekta ang judgment. Maaari ka ring himingi ng tulong sa Sheriff para makuha ang mga ari-arian ng employer sa pamamagitan ng **levy**.

### ANO ANG GINAGAWA NITO:

- Naglalagay ng hold sa mga property o ari-arian ng inyong employer upang ang inyong employer o posibleng buyer o bumibili ay masabihan na kayo ay may karapatan na mangolekta ng bayad ng inyong judgment mula sa inyong debtor o may utang. Ang judgment lien ay ginagawang mas mahirap para sa debtor na ibenta ang kanyang mga property dahil karaniwan sa mga buyer ay ataw bumili ng mga property na may lien(s).

### ANO ANG HINO-HOLD NITO:

- Ang mga lupa, gusali, bahay, mga imbentaryo, kasangkapan, at mga makina ng isang kumpanya.
- Ang lupa, mga gusali, bahay, alahas, furniture, art, at iba pang mga mahahalagang pag-aari ng isang indibidwal.

### MGA KAILANGANG FORMS NG KORTE:

- Abstract of Judgment (Form EJ-001)
- Notice of Judgment Lien (Form JL1)
- Acknowledgment of Satisfaction of Judgment (Form EJ-100)
- Proof of Service (Form POS-040)

### ANO ANG GINAGAWA NITO:

- Kinukumpiska ang property ng inyong employer para kayo ay bayaran ng direkta.

### ANO ANG PWEDENG KUMPISKAHIN:

- Ang cash, pera mula sa mga bank accounts, mga bayad ng kostumer at kita mula sa pagpapa-upa ng isang kumpanya.
- Ang kita mula sa pagpapa-upa o sweldo.

### MGA KAILANGANG FORMS NG KORTE:

- Writ of Execution (Form EJ-130)
- Memorandum of Costs (Form MC-012)
- Acknowledgment of Satisfaction of Judgment (Form EJ-100)
- Proof of Service (Form POS-040)

## **SABIHIN SA** INYONG EMPLOYER NA KAYO AY BAYARAN

Dapat ninyong sulatan ng isang “demand letter” ang inyong employer para hilingin na kayo ay bayaran para sa halagang inutang ayon sa judgment ng korte at sabihan na nagbabalak kayong gamitin ang mga legal na collection tools. Pwede rin ninyong ikonsidera na ipadala ang demand letter matapos ninyong mag-file ng lien sa mga ari-arian ng inyong employer para hindi niya maibenta ito na siyang kailangan ninyo para makolekta ang inyong judgment. Sa inyong sulat, dapat na sabihin agad ang halaga na kailangang bayaran ng inyong employer at gayundin ang mga sumusunod:

- Kung kayo ay handang tumanggap ng bayad na installment o hulugan.
- Ang utang ay magkakaroon ng interes araw-araw dahil ang judgment ay may kasamang interes na 10% bawat taon.
- Kayo ay hihingi sa inyong employer ng reimbursement para bayad sa mga kinakailangang gastos sa inyong pangongolekta.
- Ang utang na ito ay lalabas sa credit report ng inyong employer at ito ay magpapababa ng kanyang credit score.
- Kokolektahin ninyo ang judgment sa pamamagitan ng mga legal na proseso katulad ng pagkumpiska sa anumang pag-aari na gagawin ng Sheriff ng walang karagdagang notice pa sa employer.

## **ANG PAGHAIN O PAG-FILE NG LIEN** SA MGA ARI-ARIAN NG INYONG EMPLOYER

Kung natanggap ninyo ang inyong desisyon matapos ang Enero 1, 2014, at ang iyong employer ay nagmamay-ari ng gusali at lupain, ang Komisyoner sa Paggawa ay dapat na nag-file na ng lien sa real property ng inyong employer on your behalf o sa inyong pangalan sa county na kung saan ay nagawa ang judgment. Isang notice na nagsasabi na na-file na ang lien at kasama ito sa inyong ODA. Kung ang inyong employer ay nagmamay-ari ng property sa ibangcounty, dapat na mag-file din kayo ng lien sa county na iyon. Kung ang iyong employer ay walang pag-aaring gusali or lupain, maaaring kang mag-file ng lien sa ibang pagmamay-ari ng iyong employer tulad ng imbentaryo, kasangkapan o kayamanan.

Nais mong mag-file ng lien sa mga real at personal na property ng inyong employer lalo na’t nangangamba ka na maaaring mag-file ng bankruptcy, magbenta, o kaya ay magsalin o mag-transfer ng mga property ang inyong employer bago pa kayo maka-kolekta. Ang pag-file ng lien ay nangangailangan ng dalawang legal na forms na maaari ninyo kumpletuhin ng kayo lamang. Maaaring kontakin kayo ng inyong employer matapos siyang makatanggap ng notice ng lien o kaya ay kung nagtatangka siyang ibenta ang kanyang property. Ang inyong employer o ang bagong buyer o bumibili nito ay dapat kayong bayaran muna bago makompleto ang bentahan. Kung hindi pinansin ng inyong employer ang lien, maaari ninyong utusan ang Sheriff na i-levy ang property o kaya ay kumuha ng abogado upang tulungan kayo na pwersahing ibenta ang property sa isang public auction o subasta para kayo ay maka-kolekta sa mga suweldong hindi kayo binayaran.

Ang mga lien sa real property ay tumatagal ng hanggang 10 taon at ina-attach sa mga gusali at lupa ng inyong employer na matatagpuan sa county na kung saan ninyo na-file ang lien. Kung natanggap ninyo ang inyong desisyon sa anumang petsa matapos ang Enero 1, 2014, dapat ay nag-file ang Komisyoner sa Paggawa ng lien sa inyong behalf o pangalan. Kung natanggap naman ninyo ang inyong desisyon bago ang petsang ito, kailangan ninyong:

- Kumpletuhin at i-file sa Korte na nagpadala sa inyo ng judgment ang form na tinatawag na “Abstract of Judgment” (Form EJ-001), na matatagpuan sa internet: http://www.courts.ca.gov/documents/ej001.pdf. Ang “Abstract of Judgment” ay isang opisyal na summary ng judgment ng Korte na orihinal na pinasok rin ng Korteng yaon.
- “I -Record” (i-file) ang Abstract of Judgment sa lahat ng mga opisina ng mga County Recorder sa lahat ng counties na alam ninyo na may real property siya. Ang Opisina ng County Recorder ay maaaring magbigay sa inyo ng mga instruksyon kung paano i-rekord ang mga documenting ito.

Ang mga lien sa iba pang mga property tulad ng imbentaryo, kasangkapan/kagamitan, at iba pang mga mahahalagang bagay ay tumatagal ng hanggang limang taon at naka-attach sa lahat ng mga property niya sa buong Estado. Upang mag-file ng lien sa mga property na hindi real property, kailangan ninyo na:

- Kumpletuhin at i-file ang form na tinatawag na “Notice of Judgment Lien” na ginagamit ang Secretary of State Form at mga Instruksyon JL1, na matatagpuan sa internet sa: (http://www.sos.ca.gov/business/ucc/ra_9_jl1_barcode.pdf).
- Magbigay ng kopya ng Notice of Judgment Lien sa inyong employer na sumusunod sa ispesyal na legal procedures na tinatawag na “service of process,” at sumusunod din sa mga instruksyon na makukuha sa inyong lokal na korte, o mula sa internet sa: http://www.courts.ca.gov/selfhelp-serving.htm.

## **ALISIN OR TANGGALIN** ANG UTANG NG INYONG EMPLOYER

Matapos mabayaran ang judgment o kaya ay matanggap ang halagang sinang-ayunan ninyo, kinakailangan nang tanggalin o alisin ang utang sa inyo ng inyong employer.

- Kumpletuhin ang isang form na tinatawag na "Acknowledgement of Satisfaction of Judgement" (Form EJ-100), na matatagpuan sa inyong lokal na korte at nasa internet din: http://www.courts.ca.gov/documents/ej100.pdf. Ang form na ito ay nagsasabi sa korte na wala ng utang sa inyo ang inyong employer mula sa judgement. Dapat ninyong i-file ito sa parehong korte na nagpadala sa inyo ng inyong judgement.
- Ipa-notaryo ang Acknowledgement of Satisfaction of Judgment kung inyong pina-rekord ang anumang real property liens.
- Magbigay ng kopya ng Acknowledgement of Satisfaction of Judgment sa inyong employer na ayon sa ispesyal na legal procedures na tinatawag na "service of process," at ginagamit ang mga instruksyon na matatagpuan sa: http://www.courts.ca.gov/selfhelp-serving.htm.

## **ANG PAGGAMIT NG LEVY,** ANG SHERIFF ANG DAPAT KUMUMPISKA SA PROPERTY/ARI-ARIAN NG INYONG EMPLOYER

Tatlumpung araw matapos ninyong matanggap ang judgment, maaaring makuha ninyo ang mga pag-aari ng inyong employer sa tulong ng County Sheriff. Una, kailangang makakuha kayo ng Writ of Execution, na isang dokumento ng korte na nagsasabi sa County Sheriff na kailangang gumawa ng aksyon para makolekta ang judgment. Ang Writ of Execution ay nagbibigay ng hanggang 180 araw para hilingin sa Sheriff na kumpiskahin ang property at kolektahin ang halaga ng inyong judgment. Kung hindi ninyo makuha ang kabuuang judgment sa unang pagtatangka, maaari pa rin kayong makakuha ng maraming beses na writ of execution.


- Kumpletuhin ang Writ of Execution, (Form EJ-130), na matatagpuan sa inyong lokal na korte at sa internet sa: http://www.courts.ca.gov/documents/ej130.pdf.
- Kumpletuhin at i-file na kasama ng inyong Writ of Execution ang isang form na tinatawag na Memorandum of Costs After Judgment (Form MC-012), na matatagpuan sa inyong lokal na korte at sa internet sa: http://www.courts.ca.gov/documents/mc012.pdf. Ang Memorandum of Costs ay isang summary ng interes na naipon sa halaga ng judgment at iba pang mga fees na inyong nabayad para makolekta ang judgment. Hindi ninyo kailangan na i-submit ang form na ito para makolekta ang inyong judgment, ito ay para lamang kung nais ninyong kolektahin din ang mga interes na naipon, fees at iba pang mga nagastos o costs.
- Kumuha ng mga writs of execution sa lahat ng mga counties na alam ninyo na may ari-arian ang inyong employer.
- Ibigay o bayaran ang lahat ng mga fees ng Sheriff, ang orihinal na Writ of Execution, at mga instruksyon. Dahilan sa ang mga Sheriff ay may iba'ibang paraan kung paano mag-operate, kontakin sila at alamin ang mga detalye ng mga instruksyon.
- Kung kayo ay maghihintay pa ng lagpas sa 180 araw matapos ninyong makuha ang Writ of Execution bago ninyo hilingin sa Sheriff na gawin na ang levy, kinakailangan ninyong mag-file na naman ng bagong Writ of Execution na sinusunod ang parehong mga procedure na binalangkas sa itaas.

"Ang aking employer ay ayaw magbayad o kaya ay kontakin ako kahit na matapos akong mag-file ng lien sa kanyang mga property. Matapos ang dalawang taon, ang judgment ko na $5,000 ay nadagdagan ng $1,000 na halaga ng interes. Dahil sa aking frustration, naghain o nag-file ako ng levy. Masyadong intimidating ito ngunit sa tulong ng isang kaibigan, nagpunta ako sa station ng Sheriff sa county na sumasakop sa lugar na pinagnenegosyohan ng aking employer. Binigyan ako ng Sheriff ng listahan ng iba't ibang pagpipilian o option para lagyan ng levy ang mga property ng aking employer at gayundin ang bayad o fees sa Sheriff sa bawat option. Gusto ko rin na mag-fle ng bank levy at kunin ng direkta ang judgment sa bank account ng aking employer ngunit hindi ko alam ang anumang impormasyon ng bank account ng aking employer dahil ako ay binabayaran niya ng cash ng walang kasamang paystub. Pero naalala ko na ang aking employer ay malakas kumita ng pera tuwing week-end. Kaya't nagdesisyon ako na sabihin sa Sheriff na bisitahin ang aking employer sa panahong abala sila sa isang week-end at kumpiskahin lahat ng kinita mula sa mga sales transactions.Matapos ito ay pumunta ako sa Superior Court na nagpadala sa akin ng judgment. Humingi ako sa Clerk ng Writ of Execution at binigay ko ang aking Memorandum of Costs. Ang Memorandum of Costs ang siyang nagpapakita sa korte ng lahat ng bayad o fees at ang mga interes na naipon na ng aking judgment. Nag-isyu ang Korte ng Writ of Execution na nag-uutos sa Sheriff na kolektahin ang kabuuang halaga ng aking judgment, mga fees at mga interes nito. Ito ay maraming trabaho ngunit noong natanggap ko na ang $6,000 utang sa akin, naramdaman ko na sa wakas ako ay panalo na."




# PAGHAHANDA NG MGA **PAPELES**

Kailangan ninyo na kumpletuhin ang Abstract of Judgment para ma-file ang lien at ang Writ of Execution para ma-levy ng Sheriff ang property ng inyong employer. Sa ilalim ay ilang mga tips kung paano kumpletuhin ang maraming seksyon ng mga forms. Gayunpaman, tiyakin na basahin at kumpletuhin ang buo o lahat ng bahagi ng form bago ito i-file sa korte. Ang ilan sa mga forms na ito ay kailangang magbayad ng mga fees para ma-file. Tanungin ang clerk ng korte or ang opisina ng Sheriff kung kayo ay kwalipikado para sa mga fee waivers.




**ABSTRACT OF JUDGMENT** [EJ-001]




**WRIT OF EXECUTION** [EJ-130]

# MGA LEGAL NA TERMINO UPANG TULUNGAN KAYO **NA MAKOLEKTA O MASINGIL ANG INYONG PANALO**

**ODA:** "Order, decision o award" ang nagsasabi sa naging desisyon ng Komisyoner sa Paggawa hinggil sa inyong kaso o claim ng hindi binayarang sahod at ang halaga na dapat bayaran ng employer, kung mayroon man.

**PLAINTIFF & DEFENDANT:** Karaniwang tinutukoy ng Korte na ang mga naghahabol ng sahod o wage claimants ay ang mga plaintiff at ang mga employer naman ang mga defendants. Ang mga plaintiff ang nagsasampa ng legal na kaso o claim laban sa defendant na siya namang lumabag ng batas.

**JUDGMENT O HATOL:** Ang dokumento ng Korte na nag-uutos sa natalong grupo na magbayad sa nanalong grupo ng nararapat na halaga. Kung kayo ay nakatanggap ng isang judgment o hatol na sa inyong pabor, mayroon kayong 10 taon na kolektahin ang halaga ayon sa judgment. Dapat ninyong ulitin o i-renew ang judgment bago sumapit ang 10 taon kung kayo ay nagtatangka pa ring makolekta ito sa panahong iyon. Ang halaga ng judgment ay nagkakaroon ng interes na 10 % bawat taon.

**JUDGMENT CREDITOR AT DEBTOR:** Kung kayo ay nakatanggap ng isang ODA sa inyong pabor at ito ay naging isang judgment ng korte, kayo ang nagiging judgment creditor o pinagkakautangan at ang inyong employer naman ang nagiging judgment debtor o may utang. Habang pinapatupad mo ang judgment o hatol, ikaw ay parehong nagiging "plaintiff" at "judgment creditor" samantalang ang employer mo naman ang siyang nagiging "defendant" at "judgment debtor."

**PAGPAPATUPAD NG HATOL O JUDGMENT ENFORCEMENT:** Ang proseso ng paggamit ng mga legal na pamamaraan upang masingil o makolekta ang halaga ng hatol o judgment na utang sa iyo ng judgment debtor.

**JUDGMENT LIEN:** Isang natatangi legal na paraan upang i-hold ang isang ari-arian – kasama dito ang mga lupa, gusali at mga mahahalagang bagay tulad ng mga kasangkapan- na magiging mahirap para sa isang judgment debtor na ipagbili para ang ari-ariang iyon ang magamit para bayaran ang isang judgment.

**LEVY:** Nagpapahintulot na maaari mong gamitin ang County Sheriff na kolektahin ang mga sahod na utang sa iyo sa pamamagitan ng pagkuha ng pera o mga ari-arian ng inyong employer.

**REAL PROPERTY:** Mga lupa, bahay o mga gusali.

**ANG SERBISYO NG PROSESO:** ispesyal na mga pamamaraan na magbibigay sa iyong employer ng mga kopya ng mga legal na dokumento. Sa "service of process" o "serbisyo ng proseso" ang isang ikatlong tao (hindi ikaw) ay siyang aktwal na naghahatid ng mga papeles sa iyong employer. Ang taong maghahatid ng dokumento sa iyong employer ang siyang mag-kukumpleto at pipirma ng Proof of Service form. Ang "Serbisyo ng Proseso" ay kinakailangan para sa Ilang mga legal na collection tools na binabanggit sa pamphlet na ito. Ang mga patakaran ay dapat sundin ng eksakto at ang mga instruksyon ay mababasa sa http://www.courts.ca.gov/selfhelp-serving.htm.

# ANG PAG-ASSIGN NG **JUDGMENT** SA TANGGAPAN/OPISINA NG KOMISYONER SA PAGGAWA

Tinutulungan ng Komsiyoner sa Paggawa ang ibang mga manggagawa para makolekta o masingil ang kanilang panalo. Kung ito ay maaaring gawin, kayo ay makakatanggap ng isang form na tinatawag na "Assignment of Judgment" na dapat ninyong pirmahan ng personal saan mang opisina ng Komisyoner sa Paggawa o kaya ay inyong ipa-notaryo. Kung kayo ay pumapayag na i-assign ang inyong judgment sa Komisyoner sa Paggawa, hindi na ninyo pwedeng singilin o kolektahin ng sarili ninyo ang judgment na ito. Kung hindi naman kayo matutulungan ng Komisyoner sa Paggawa sa pagkolekta ng halaga ng inyong ODA, kayo ay makakatanggap ng isang sulat na nagpapaliwanag ng iba't ibang mga hakbang na maaari ninyong gawin para kayo ay makolekta.

## GARMENT, CAR WASH AT MGA MANGGAGAWA SA BUKID:

May mga ispesyal na restitution na pondo para mabayaran ang mga manggagawa sa garment, car wash at mga industriya ng agrikultura kung hindi sila mabayaran ng kanilang mga employer para sa mga sahod na hindi binayaran o unpaid wages. Tanungin lamang ang Deputy Labor Commissioner para sa inyong claim kung pwede kayong mabayaran sa pamamagitan ng mga ispesyal na pondong ito.

# **KAILAN** AKO DAPAT SUMULAT NG ISANG DEMAND LETTER?



"Naghain ako ng claim o demanda sa opisina ng Komisyoner sa Paggawa at ang employer ko ay hindi pinansin ang lahat ng mga notice na ipinadala sa kanya. Matapos ang aking hearing, pinadalhan ako ng Komisyoner sa Paggawa ng isang desisyon na pabor sa akin, at ang Superior Court ay ganito rin ang naging desisyon. Sinabihan ako ng aking mga kapwa manggagawa na ganito rin ang nangyari sa kanila, nanalo sila sa mga judgment at nang tangkain nilang kolektahin ito, ang sabi ng aming employer ay wala siyang pera. Nagpunta ako sa opisina ng County Recorder at nalaman ko na ang aming kumpanya ay walang mga real property pero ang alam ko ay may pag-aari sila ng mga kasangkapan o makina at mga imbentaryo. Ngunit natatakot ako na kung gumawa ako ng sulat para humiling ng bayad, ang mga makinang ito ay ibebenta at ako ay hindi na maaaring mabayaran. Kaya ako ay naghain o nag-file ng lien para sa mga makina/kasangkapan muna. Nag-imprenta ako ng isang form na ang tawag ay Notice of Judgment Lien (JL1) mula sa internet at sinunod ko ang mga instruksyon sa form. Binigyan ko ng kopya ng JL1 ang aking employer sa pamamagitan ng pagsunod sa ispesyal na legal na pamamaraan na tinatawag na "service of process." Matapos ito ay sinulatan ko ang aking employer para mag-demand ng bayad sa aking judgment. Noong tangkain ng aking employer na ibenta ang kanyang mga makina/kasangkapan nakita ng bagong bumibili o buyer ang aking lien at tinanggihan niyang bilhin ito hanggang ako ay hindi binabayaran ng aking employer. Dahil dito, binayaran ako ng aking employer."

# MGA DAPAT **TANDAAN**

- ☐ Maging organisado. Ilagay ang lahat ng inyong mga dokumento sa isang lugar at gumawa ng journal ng lahat na inyong ginawa upang makolekta ang judgment.
- ☐ Sundin ang lahat ng mga instruksyon para sa mga forms ng korte at gumawa ng mga kopya bago ito i-submit.
- ☐ Sa lahat ng mga forms, ikaw ang laging "Judgment Creditor" at ang "Plaintiff" at ang inyong employer ang laging "Judgment Debtor" at ang "Defendant".
- ☐ Kung kayo ay may katanungan hinggil sa mga forms ng korte, tanungin ang clerk o kaya ay maghanap ng tulong para makumpleto ito.
- ☐ Hanapin ang lahat ng mga address ng mga opisina ng gobyerno at lugar ng mga korte na inyong kailangang puntahan o masulatan na maaaring kasama dito ang:
  - Ang pangalan at address ng korte na nagpadala ng inyong judgment. Ang sangay ng korte na ito ay laging tinatawag na "sibil."
  - Ang Tanggapan/Opisina ng County Recorder sa mga counties na kung saan ang inyong employer ay may pag-aaring real property (para manaliksik at mag-file ng lien sa mga real property ng inyong employer)
  - Ang Secretary of State (para mag- file ng mga lien sa mga personal na property ng inyong employer)
  - Ang mga Sheriff stations sa mga counties na kung saan nagnenegosyo ang inyong employer (para mag-order sa Sheriff na kumpiskahin ang mga property ng inyong employer sa pamamagitan ng levy).
- ☐ Sundin ang ispesyal na legal na proseso para mabigyan ng mga kopya ng mga legal na dokumento ang inyong employer.

Maaaring kailanganin ninyo ang mga sumusunod na forms (tanungin ang clerk o Sheriff's station kung kayo ay kwalipikado para sa mga fee waivers):

- ☐ Abstract of Judgment (Form EJ-001)
- ☐ Writ of Execution (Form EJ-130)
- ☐ Notice of Judgment Lien (Form JL1)
- ☐ Acknowledgment of Satisfaction of Judgment (Form EJ-100)
- ☐ Memorandum of Costs (Form MC-012)
- ☐ Proof of Service (Form POS-040)

# MGA MADALAS NA KATANUNGAN

## 1. Paano kung ang aking employer ay mag-file ng bankruptcy?

Kung kayo ay nakatanggap ng notice na ang inyong employer ay nag-file ng bankruptcy, hindi na kayo maaaring mag-file ng mga lien o gamitin ang levies para makolekta ang inyong judgment. Sa halip, kailangang sundan ninyo ang proseso ng korte ng bankruptcy para makolekta ang inyong judgment, kasabay ng iba pang mga creditors ng inyong employer. Dapat kayong makatanggap ng Notice ng Bankruptcy sa koreo na naglilista ng inyong judgment bilang isa sa mga utang ng inyong employer. Masusing basahin ang dokumentong ito at sundin ang mga instruksyon at mga deadlines. Kung kayo ay may dati nang na-file na lien, maaari kayong makatanggap ng anumang pera na nakuha at pinaghati-hati sa lahat ng mga pinagkautangan ng inyong employer.

Ngunit, kailangang mag-file pa rin kayo ng "proof of claim" form sa korte ng bankcruptcy sa deadline na tinakda ng korte at kung hindi ninyo ito magawa ay maaaring mawala sa inyo ang karapatan na makakolekta sa pamamagitan ng proseso ng bankruptcy. Maaari kayong kumontak ng isang abogado para higit kayong matulungan sa pagkolekta sa pamamagitan ng korte ng bankruptcy.

## 2. Paano ako makakakuha ng tulong para makolekta ang aking judgment?

Maaari kayong kumunsulta sa isang non-profit na Legal Services Provider sa inyong lugar. Maaari din kayong kumuha ng isang abogado o isang collection agency para tulungan kayong makolekta ang iyong judgment. Maghanap ng isang kilalang abogado na may karanasan sa debtor-creditor law o commercial debt collection (karaniwang tinatawag na "creditor rights attorneys").

CALIFORNIA
**LABOR COMMISSIONER**

REV. 11/2014